

United Church of Church in the Philippines
SOUTH LUZON JURISDICTIONAL AREA

Quadrennial Theme:
Spirituality for these Critical Times

Ikatlong Linggo ng Pamamayani ng Diyos (3rd Sunday in Kingdomtide)
Ika- 24 ng Setyembre 2017
(Aralin para sa Nursery, Kinder at Younger Elementary)

“Ang Kabaitan Bilang Katangian ng Pamamayani ng Diyos”
(Kindness as a Kingdom Value)

Batayang Talata

Lumang Tipan: *Mikas 6:8* (MBB)

8Itinuro na Niya sa iyo, O tao, kung ano ang mabuti; Ito ang nais ni Yahweh, maging makatarungan ka sa lahat ng bagay, patuloy mong ibigin ang iyong kapwa at buong kapakumbabaang sumunod sa iyong Diyos.

Bagong Tipan: *1Timoteo 2:1-7*

Una sa lahat, ipinakiusap kong paabutin ninyo sa Diyos ang inyong kahilingan, panalangin, pamanhik at pasalamat para sa lahat ng tao. 2Gayundin ang gawin ninyo para sa lahat ng hari at mga may kapangyarihan upang makapamuhay tayo ng tahimik at payapa, marangal at may kabanalan. 3Ito ang mabuti at nakalulugod sa Diyos na ating Tagapagligtas 4na ang ibig ay maligtas ang lahat ng tao at makaalam ng katotohanan. 5Sapagkat iisa ang Diyos at iisa ang tagapamagitan sa Diyos at sa mga tao ang taong si Cristo Jesus, 6na naghandog ng kanyang buhay upang tubusin ang lahat. Siya ang katunayan ng banal na layunin ng Diyos at nahayag sa takdang panahon. 7Dahil ditto, ako’y hinirang na mangangaral, apostol at tagapagturo ng pananampalataya at ng katotohang ito sa mga hentil, katotohanan ang sinasabi ko, hindi ako nagsisinungaling.

Lucas 10:25-37 (MBB) (“*Ang Mabuting Samaritano*”)

25May eskribang lumapit kay Jesus upang siya’y subukin. “Guro” aniya, “ano ang dapat kong gawin upang magkamit ng buhay na walang hanggan?” 26sumagot si Jesus, ‘ano ang nasa kasulatan? Ano ang nababasa mo roon?’ 27Tumugon siya, ‘Ibigin moa ng Panginoon mong Diyos nang buong puso, nang buong kaluluwa, nang buong lakas, at nang buong pag-iisip; at ibigin moa ng iyong kapwa gaya ng iyong sarili.’ 28Tama ang sagot mo wika ni Jesus; “gawin mo iyan at mabubuhay ka;” 29sa hangad ng eskribang huwag siyang lumabas na kahiya-hiya, tinanong niya uli si Jesus, ‘Sino naman ang aking kapwa?’ 30Sumagot si Jesus, ‘May isang taong naglalakbay buhat sa Jerusalem patungong Jerico, Hinarangan siya ng mga tulisan, kinuha pati damit sa katawan, binugbog at halos patay na ng iwan. 31Nagkataong dumaan doon ang isang saserdote at pagkakita sa taong nakahandusay, siya’y lumihis at nagpatuloy ng kanyang lakad. 32Dumaan din ang isang Levita, ngunit tiningnan lamang niya ito at nagpatuloy ng kanyang lakad. 33Ngunit may isang samaritanong naglalakbay na naparaan doon. Nakita niya ang

hinarang at siya'y nahabag. 34Lumapit siya, binusan ng langis at alak ang mga sugat nito at tinalian. Saka isinakay ang tao sa kanyang sinasakyang hayop, dinala sa bahay-panuluyan, at inalagaan doon. 35Kinabukasan, dumukot siya ng dalawang denaryo, ibinigay sa may-ari ng bahay-panuluyan at sinabi, "Alagaan mo siya, at kung magkano man ang kakulangan niyan, babayaran ko sa aking pagbabalik." 36Sino ngayon sa palagay moa ng nagpakita ng kanyang pakikipagkapwa sa taong hinarang ng mga tulisan? 37Tanong ni Jesus, "ang nagpakita ng habag sa kanya" tugon ng eskriba. Sinabi ni Jesus sa kanya, "Humayo ka't gayundin ang gawin mo."

Pangkalahatang Tema:

Ang iglesia ay mahabagin at sensitibo sa mga pangangailangan ng mga tao at kumikilos upang matugunan ang kanilang kalagayan.

Susing Kaisipan:

Isang mabuting bagay ang maging mabait.

Paliwanag Ukol sa Talata:

Ang Mikas 6: 8 ay nagpapahiwatig ng tanging pangangailangan ng Diyos sa Kanyang bayan: " maging makatarungan, patuloy na ibigin ang kapwa at buong kapakumbabaang sumunod sa Diyos." Ang buong kabanata 6 ng Mikas ay patungkol sa mga na naghahari uri sa Juda noong ika-8 siglo BCE, sila na nasa posisyon, upang maiwasan at iwasto ang mga gawang di-katarungan; upang mapanatili ang katarungan sa sangkatauhan. Sila yaong nasa posisyon na gumagastos ng labis-labis at malalaking halaga sa mga hain at mga handog sa altar ni Yaweh bilang paraan ng pagpapahayag ng kanilang pagsamba at pagpapasalamat sa Diyos.

Subalit, nasaksihan ni Mikas ang malungkot na katotohanan na ang mismong mga taong pinagkatiwalaan na mamunong may katarungan sa pangalan ng Diyos ng Israel, ay naging masama dahil pagkalasing sa kapangyarihan. Nasaksihan niya ang sobrang pang-aabuso sa mahihirap at mahihina ng mga maykapangyarihan at mayayaman. (cf. Mikas 2: 1-2; 3: 1-3). Ang mga maliliit na may-ari ng lupa ay nagdusa sa malawakan at sistematikong kumpiskasyon ng kanilang mga lupain dahil sa pagkakautang sa mga usurero at sa ipinapataw na malaking buwis ng mga tauhan ng hari. Ang malawakang pagkakait at kahirapan ng mga tao sa lupain ay naging kalakaran sa panahin ni Mikas. Kasabay nito, ang mga naghahari ay palaging pinapanatag ang sarili sa pag-iisip na ang lahat sa lupain ay maayos lalo na ang kanilang kaugnayan sa Diyos sa pag-aakalang kasisiyahan lagi sila ng Diyos dahil sa masagana at mamahaling mga handog. Inaakala nilang ang pagkasi at biyaya ng Diyos ay maaangkin o mabibili ng mamahaling mga handog; na ang layon ay burahin ang anumang nagawa nilang pagkakasala o paglabag. (v.7).

Dito ginawa ni Mikas ang pagtuligsa sa baluktot pang-unawa ng mga taong ito. Ang tanging hinihiling ng Diyos sa kanyang bayan ay isang bagay na napakahalaga at pundamental sa pagtatayo ng isang mapayapa at maunlad na komunidad: ang paggawad ng hustisya, kabutihan sa mga tao at kapakumbabaan sa harap ng Diyos. Ito ang hindi mabibiling-bagay na hinihingi ng Diyos para maitayo ang isang tunay at alternatibong kaharian kung saan ang tanging Panginoon at siyang namamayani ay ang Diyos ng katarungan.

Ang Lucas 10: 25-37 (ang parabula ng 'Mabuting Samaritano') ay nagsisimula sa isang abogado na nagsisikap na subukin si Jesus, na tinatanong siya kung paano magmamana ng buhay na walang hanggan. Sumagot si Hesus sa pamamagitan ng pagtatanong sa abogado ng mas pangunahing tanong: "*Kung ano ang nakasulat sa Batas?*", na sinagot naman ng abogado sa pagbanggit sa mga dakilang utos batay sa Deut. 6: 5 at Lev. 19:18: "*Iibigin mo ang Panginoon mong Diyos ng buong puso mo, at ng buong kaluluwa mo, at ng buong lakas mo, at ng buong pagiisip mo; At ang iyong kapwa tulad ng iyong sarili*"; na sinagot naman ni Jesus "*Ok, mabuti! Gawin mo lang ito at mabubuhay ka.*"

Gayunpaman, nagpatuloy ang abogado upang bigyang-katwiran ang sarili: "*Ngunit sino nga ang aking kapwa?*" Sumagot si Jesus sa pamamagitan ng pagkukuwento tungkol sa Samaritanong nagligtas sa isang Judio na nabiktima at nasugatan nang husto. Ang Hudyo na ito ay nahulog sa mga kamay ng mga magnanakaw sa lansangan mula Jerusalem hanggang Jericho. Matapos tingnan lamang ng isang pari at pagkatapos ay isang Levita, isang Samaritano ang dumaan at nakita ang biktima. Ang Samaritano ay kaagad na nagkaroon ng malalim na habag sa tao, tinalian ang kanyang mga sugat at dinala siya sa isang bahay-panuluyan.

Ang malalim at makasaysayang poot at galit sa pagitan ng mga Judio at mga Samaritano ay alam na alam na. Tinitingnan nila ang bawat isa bilang mga kaaway at mga taong hindi mapagkakatiwalaan. Pero tinawag ni Jesus ang Samaritano, na kinamumuhian ng mga Judio, bilang kapwa. Ang pag-unawa tungkol sa "kapwa" at binaliktad ni Jesus. Ang kinasusuklaman, ang itinuturing na matagal nang kaaway ay maaaring siyang tunay na kapwa sa atin na nag-aakalang tanging ang sarili ang Mabuti dahil tayo ang sambayanan ng Diyos. Tayo na itinuturing ang sarili bilang matuwid ay maaaring maging biktima ng ating sarili. At ang ating kinapopootan, itinuturing nating mga kaaway, ang siyang maaaring panggalingan ng saklolo, kabutihan at kahabagan; ng mga gawang lumalagpas sa mga hangganan ng pulitika, lahi at ideolohiya.

Panahon na upang wasakin ang mga pader at mga hadlang na naghiwalay sa tao bilang mga kaaway at estranghero. Panahon nang magsanay sa kabaitan at kahabagan, kahit doon sa mga taong kinapopootan natin at itinuturing na mga kaaway, sapagkat gaya ng ipinahiwatig ni Jesus, sila mismo ay may kakayahang maging mahabaging kapwa sa atin. Ito ang daan upang maipamuhay at masiyahan sa ilalim ng pamamayanan ng Diyos na kaloob Niya sa atin sa pamamagitan ni Jesus. Ang kabaitan at habag ay napakahalagang katangian ng tao na magiging mamamayan sa pamamayani ng Diyos.

Gabay sa mga Guro

Para sa mga taong nasanay na sa kapangyarihan, ang kabaitan ay tanda ng kahinaan. Sa kabilang banda, itinuturing ng ebanghelyo na ang kabaitan ay katangian mismo ng Diyos. Ang mga bansang patuloy na nakikidigma ay walang karapatang tumawag sa Diyos para pahasayin sila sa pakikidigma. Ang kabaitan ay isang kondisyon na hindi mawawala sa pamamayani ng Diyos.

Tanging ang mga "nagmamahal sa kabaitan" (Mikas 6: 8) ay maaaring tanggapin bilang mamamayan sa pamayanan ng Diyos. Ngunit paano matututuhan ng mga tao ang kabutihan sa isang mundo na nabubuhay sa panuntunang "matira ang matibay" (survival of the fittest) ng "kaligtasan ng pinakamakapangyarihang tao?" Ang prinsipyong ito ng *Darwinian evolution* ay ginamit ng mga establisimyento at mga paham ng lipunan upang bigyang-katwiran ang pag-usbong ng makahayop na katangian ng tao. Ito ay taliwas sa pinapahalagahan

Ang iglesia ay tinawag na maging paaralan upang matutuhan ng tao ang kabaitan. Ang kabaitan ay natutunan hindi lamang sa pamamagitan ng mga pormal na pagtuturo ng iglesia kundi mas epektibo itong natutunan sa paraan ng pamumuhay ng iglesia sa loob at labas ng mga pader nito. Gsasagawa ng simbahan mismo sa loob at labas ng mga pader nito. Halimbawa, ang pamumuno sa Simbahan ay sumusunod sa modelo ng pamumuno ni Jesus sa pamamagitan ng pagiging lingkod. Sa labas, ang simbahan ay nagpapakita ng mukha ng kabaitan na nag-aanyaya sa mga taong nangangailangan ng tulong at upang tulungan. Hindi pinipili ng simbahan kung sino ang dapat maging mabait. Sa mga kumakalaban, hinahangad ng iglesia ang katubusan nila sa pamamagitan ng pagbabago sa kanila mula sa pagiging mga kaaway tungo sa pagiging kaibigan.

Ang pagiging mabait sa lahat ay maaaring hindi posible o angkop sa sanlibutan ngayon. Subalit ito ay isang tunay na hamon dahil ang pagtuturo sa mga tao ayon sa mga halaga ng pamamayani ay hindi sinusupportahan ng umiiral na kalagayan. Naibalik sa pamamagitan ng kongkreto katotohanan. Maaaring hindi nga ito matutunan ng sanlibutan malibang ito’y ituro mismo ng mga nagsasabuhay ng kabaitan, ang iglesia. *(Isinalin sa Tagalog ni Rev Minerva Cabas)*

Layunin:

Sa pagtatapos ng pag-aaral inaasahan na ang mga bata ay:

1. Tingnan ang gawain ng iglesia na magpapaunlad ng kabaitan.
2. Maipakita ang gawain ng kabaitan
3. Maipakita ang pagkilala bilang tumanggap ng kabaitan at mabigyan ng pagkakataon na maipakita.

Mga Gagamitin:

1. Banal na Kasulatan, (hanggat maari ay NRSV version)
2. Song chart
3. Tube o toothpaste
4. Small bowl

Kasanayang Pagkatuto

A. Panimulang Pagsamba

1. Oras ng pagtanggap: Batiin ang bawat isang bata ay samahan sila sa kanilang upuan.
2. Panimulang Panalangin:
Mahabagin at mawaing Diyos, kinikilala naming ang Iyong presnsya sa araw na ito. Lumalapit kami sa Iyo na hinihign ang inyong tulong upang matutunan namin sa araw na ito ang mga lessons at values na sa araw-araw ay palagi naming maalala. Tulungan Mo kami na maging mabait sa salita, sa isip at maging sa aming ginagawa. Ito ang aming panalangin, sa Pangalan ni Jesus. Amen.

3. Panimulang Awit:

“Jesus’ Hands Were Kind Hands”
(Children Praise God, 36)

Jesus' hands were kind hands, doing good to all.
Healing pain and sickness, blessing children small.
Washing tired, feet, and saving those who fail.
Jesus' hands were kind hand, doing good to all.
Take my hands, Lord Jesus, let them work for you.
Make them strong and gentle, kind in all I do.
Let me watch you, Jesus till I'm gentle too
Till my hands are kind hands, quick to work for you.

B. Paghahanda sa Aralin

1. Ihanda ang klase upang obserbahan ang isang gawain na nagpapakita ng mga salitang kabaitan at hindi. Kumuha ng maliit na toothpaste at bowl. Tawagin ang ilang bata na squeezed/pisilin ang paste upang lumabas sa tube at ilagay sa bowl hanggang sa ang lahat ng toothpaste ay lumabas sa tube. Hilingin ang ilang bata na ibalik naman sa lalagyan ang toothpaste. Asahan na mahirap ibalik sa toothpaste sa tube at hindi ito maibabalik.
2. Talakayin ang gawain. Tanungin ang mga bata kung bakit imposible na maibalik ang toothpaste sa tube o lalagyan. Sabihin sa kanila na ang toothpaste ay katulad ng salita. Kapag may sinabi kang salita ng kabaitan o hindi hindi mo na ito mababawi. Ang salita ng kabaitan ay maaring magpaligaya ng isang tao, subalit ang hindi ay maaring maka sakit ng iba. Maari tayong humingi ng paumanhin sa ating mga nasaktan, subalit ang damage ay nandon na.
3. Hayaang magpasya ang mga bata kung aling salita ang kanilang gagamitin at hayaang ipaliwanag ang kanilang napili.

C. Pag-aaral

1. Alalahanin ang dating pinag-aralan at alamin sa mga bata kung ang gawain kabaitan at hindi ay nakakaapekto sa iba.
2. Isalaysay ang kwento

Ang Mabuting Tao

(halaw mula sa Luke 10:25-37)

"May isang taong naglalakbay buhat sa Jerusalem, patungong Jerico. Hinarang siya ng mga tulisan, kinuha pati damit sa katawan, binugbog at halos patay na nang iwan. Nagkataong dumaan doon ang isang pari at pagkakita sa taong nakahandusay, siya'y lumihis at nagpatuloy ng kanyang lakad. Dumaan din ang isang Levita, ngunit tiningnan lamang niya ito at nagpatuloy ng kanyang lakad. Ngunit may isang Samaritanong naglalakbay na naparaan doon. Nakita niya ang hinarang at siya'y nahabag. Lumapit siya, binusan ng langis at alak ang mga sugat nito at tinalian. Saka isinakay ang tao sa kanyang sinasakyang hayop, dinala sa bahay-panuluyan, at inalagaan doon. Kinabukasan, dumukot siya ng dalawang denaryo, ibinigay sa may-ari ng bahay-panuluyan at sinabi, 'Alagaan mo siya, at kung magkano man ang kakulangan niyan, babayaran ko sa aking pagbabalik.'

D. Pagbabahaginan

1. Tungkol saan ang kuwento? Ipalakpak ang kamay kung kayo ay sumasang-ayon sa pangungusap. (Para sa Nursery/Kinder basahin ang mga pangungusap. Para sa Younger Elementary, hayaang sila ang magbasa ng mga pangungusap).
 - a. Ang kuwento ay tungkol sa taong ninakawan.

- b. Ang kuwento ay tungkol sa taong hindi tumulong sa taong ninakawan.
 - c. Ang kuwento ay tungkol sa taong tumulong sa taong ninakawan.
 - d. Ang kuwento ay tungkol sa kabaitan ng isang tao.
2. May iba't-ibang tauhan sa kuwento. Pagtugmain nag tauhan at ang kanilang katangian. (Para sa Nursery/Kinder, hayaang ituro nila ang tauhan, matapos na marinig. Para sa Younger Elementary, hayaang basahin nila ang tamang sagot matapos basahin ang katangian).
Pari, Levita at Samaritano
 - a. Siya ang unang taong nakakita sa lalaking naka handusay.
 - b. Siya ay ninakawan at halos patay na ng iwan ng mga magnanakaw.
 - c. Siya ang pangatlong taong nakakita sa lalaking naka handusay.
 - d. Siya ang pangalawang taong nakakita sa lalaking naka handusay.
 3. Sino ang mabuting tao sa kwento, ang pari, ang Levita o ang Samaritano? Ipaliwanag ang napiling sagot.

E. Aral Mula sa Biblia

Itanong sa mga bata: Bilang mga anak ng Diyos, bakit mabuti ang maging mabait sa iba?

F. Pagsasabuhay

1. Ituro ang sasauluhing talata:
"Ibigin mo ang Panginoon mong Diyos nang buong puso, nang buong kaluluwa, nang buong lakas, at nang buong pag-iisip"; at, 'Ibigin mo ang iyong kapwa gaya ng iyong sarili."
Lukas 10:27b
2. Para sa Nursery/Kinder
Sabihin sa mga bata na ang mga salitang nagsasabi ng kabaitan at hindi. Hayaang lumibot sa silid at pumili ng kaklase at isipin ang particular na katangian tungkol sa kanya. Hayaang gumamit ng mabubuting salita ang mga bata. Hayaang humanap uli ng iba pang kaklase hanggang sa ang lahat ay makapagsalita. Tanungin ang mga bata kung anong mabuting salita ang kanilang sinabi sa kanilang kaklase. Bigyang diin ang pagiging totoo at mabait sa pagsasabi ng tungkol sa iba. Kumpletuhin ang pangungusap: Isang mabuting bagay ang maging mabait kay, _____ dahil _____.
3. Para sa Younger Elementary
Hayaang muling alalahanin ng mga bata ang gawain ng pagsasabi ng pagiging mabait at hindi. Hamunin ang mga bata kung papaano nila maipapakita ang pagiging mabait sa pamamagitan ng kanilang gawa. Kumpletuhin ang mga sumusunod:

| Sa palaruan | Sa tahanan | Sa simbahan |
|--|---|--|
| Halimbawa: Isi-share ko ang paglalaro sa swing sa sino mang ibig maglaro. | Halimbawa: Tutulungan ko ang aking nanay sa paghahanda ng hapag kainan, sa tuwing kami | Halimbawa: Lagi akong ngingiti at sasabihing “hello” sa bawat isa na kasama ko sa Sunday |

| | | |
|--|------------|---------|
| | ay kakain. | School. |
|--|------------|---------|

G. Pagtatapos

1. Sabihin sa mga bata na sabihin ang mahalagang kasaysayan/memory verse.
2. Paghahandog
3. Pangwakas na Awit

“Be Kind”

Words: based from Ephesians 4:32

Music: Cecilia Williams

Be kind, be kind, be kind to one another (2X).

Share toys, share toys, share toys to one another, (2X).

Shake hands, shake hands, shake hands to one another, (2X).

4. Pangwakas na Panalangin:

Maawain at mapagmahal na Diyos, pinapasalamat ka namin sa mga itinuro sa araw na ito kung papaano kami maging mabait. Tulungan mop o kami na maging mabait sa tuwina sa bawat tao na aming makikita bawat araw. Habang kami ang gumagawa ng kabaitan sa bawat tao ay makita nawa sa amin si Jesus. Ito ang aming panalangin, sa Pangalan ni Jesus. Amen. *(Isinalin sa Wikang Pilipino ni: Mrs Rosario C. Bruno, UCCP Nasugbu, Batangas, CWA-BAC)*